

Impormasyon Ninyo. Mga Karapatan Ninyo. Mga Responsibilidad Namin.

SAN FRANCISCO HEALTH PLAN

Healthy Workers HMO

Paunawa tungkol sa mga Gawi sa Pagkapribado

May bisa: Hulyo 1, 2022

Inilalarawan ng paunawang ito kung paano maaaring magamit at maisiwalat ang medikal na impormasyon tungkol sa inyo at kung paano kayo magkakaroon ng access sa impormasyong ito. **Pakibasa ito nang mabuti.**

Mga Karapatan Ninyo

May karapatan kayong:

- Kumuha ng kopya ng inyong mga rekord sa kalusugan at mga claim
- Iwasto ang inyong mga rekord sa kalusugan at mga claim
- Humingi ng kompidensiyal na komunikasyon
- Hingin sa amin na limitahan ang impormasyong ibinabahagi namin
- Limitahan ang pagbabahagi ng inyong impormasyong nauugnay sa mga sensitibong serbisyo
- Kumuha ng listahan ng mga pinagbahaginan namin ng inyong impormasyon
- Kumuha ng kopya ng paunawa tungkol sa pagkapribado na ito
- Pumili ng isang tao na kikilos para sa inyo
- Maghain ng reklamo kung naniniwala kayong nalabag ang inyong mga karapatan sa pagkapribado

Mga Kagustuhan Ninyo

Mayroon kayong ilang pagpipilian sa paraan ng paggamit at pagbabahagi namin ng impormasyon habang:

- Sinasagot namin ang mga tanong sa coverage mula sa inyong pamilya at mga kaibigan
- Nagbibigay kami ng tulong sa panahon ng sakuna
- Nagma-market ng aming mga serbisyo. Hindi ibebenta ng SFHP ang inyong impormasyon.

Mga Paggamit at Pagsisiwalat Namin

Maaari naming gamitin at ibahagi ang inyong impormasyon habang:

- Tumutulong kami na pamahalaan ang paggamot sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap ninyo
- Pinatatakbo namin ang aming organisasyon
- Nagbabayad kami para sa inyong mga serbisyong pangkalusugan
- Pinangangasiwaan namin ang inyong planong pangkalusugan
- Tumutulong kami sa mga usapin tungkol sa kalusugan at kaligtasan ng publiko
- Gumagawa kami ng pananaliksik
- Sumusunod kami sa batas
- Tumutugon kami sa mga kahilingan ng donasyon ng organ at tissue at nakikipagtulungan sa isang medical examiner o direktor ng punerarya
- Tinutugunan namin ang bayad-pinsala sa mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang mga kahilingan ng pamahalaan
- Tumutugon kami sa mga demanda at legal na hakbang

Impormasyon Ninyo. Mga Karapatan Ninyo. Mga Responsibilidad Namin.

Mga Karapatan Ninyo

Pagdating sa inyong impormasyon sa kalusugan, mayroon kayong mga partikular na karapatan.

Ipinaliliwanag ng seksiyong ito ang inyong mga karapatan at ilan sa aming mga responsibilidad na tulungan kayo.

Kumuha ng kopya ng mga rekord sa kalusugan at mga claim

- Maaari din ninyong hingin na tingnan o kumuha ng kopya ng inyong mga rekord sa kalusugan at mga claim at iba pang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo na hawak namin. Itanong sa amin kung paano gagawin ito.
- Magbibigay kami ng kopya o isang buod ng inyong mga rekord sa kalusugan at mga claim, karaniwan sa loob ng 30 araw matapos kayong humingi. Maaari kaming maningil ng makatwirang bayad batay sa nagastos sa paggawa ng kopya.

Hingin sa amin na iwasto ang mga rekord sa kalusugan at mga claim

- Maaari ninyong hingin sa amin na iwasto ang inyong mga rekord sa kalusugan at mga claim kung inaakala ninyong hindi tama o hindi kumpleto ang mga ito. Itanong sa amin kung paano gagawin ito.
- Maaari naming sagutin ng “hindi” ang inyong kahilingan, ngunit sasabihin namin sa inyo kung bakit sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 60 araw.

Humingi ng mga kumpidensiyal na komunikasyon

- Maaari mong hilingin sa aming makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan (halimbawa, sa telepono sa bahay o opisina), makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na email address, o magpadala ng koreo sa ibang address.
- Tutugunan namin ang iyong kahilingan kung agad naming maibibigay ang iyong impormasyon at mga abiso sa paraan at (mga) lokasyong tutukuyin mo.
- Kung isusumite mo sa amin ang iyong kahilingan sa kumpidensiyal na pakikipag-ugnayan gamit ang telepono o sa elektronikong paraan, sisimulan naming makipag-ugnayan sa iyo sa paraan at (mga) lokasyong tutukuyin mo sa loob ng 7 araw sa kalendaryo mula nang pagkatanggap nito. Kung isusumite mo sa amin

ang iyong kahilingan sa kumpidensiyal na pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng koreo, sisimulan naming makipag-ugnayan sa iyo sa paraan at (mga) lokasyong tutukuyin mo sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo mula nang pagkatanggap nito.

- May bisa ang iyong kahilingan sa kumpidensiyal na pakikipag-ugnayan hanggang bawiin mo ito o magsumite ka ng bagong kahilingan.

Hingin sa amin na limitahan kung ano ang gagamitin o ibabahagi namin

- Maaari ninyong hingin sa amin na huwag gamitin o ibahagi ang partikular na impormasyon sa kalusugan para sa paggamot, pagbabayad, o sa aming mga pagpapatakbo.
- Hindi kami obligadong sumang-ayon sa inyong kahilingan, at maaari kaming sumagot ng “hindi” kung aapektuhan nito ang inyong pangangalaga.

Limitahan ang pagbabahagi ng iyong impormasyong nauugnay sa mga sensitibong serbisyo

- Ang mga sensitibong serbisyo ay pangangalagang nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip o pag-uugali, sekswal at reproduktibong kalusugan, mga impeksiyong nakukuha sa pakikipagtalik (kabilang ang HIV at AIDS), disorder sa paggamit ng substance, pangangalagang pagkumpirma ng kasarian, at karahasan ng matalik na kapareha.
- Hindi mo kailangang kunin ang pahintulot ng ibang tao para makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng kahilingan para sa mga sensitibong serbisyo kung may karapatan kang magbigay ng pahintulot. Posibleng kailanganin mong maging partikular na edad o kailangan ay mayroon kang sapat na kapasidad para magbigay ng pahintulot, depende sa uri ng mga sensitibong serbisyo.
- Hindi namin ibabahagi kaninuman ang iyong medikal na impormasyon tungkol sa mga sensitibong impormasyon nang walang hayagang nakasulat na pahintulot mo.
- Direkta kaming makikipag-ugnayan sa iyo tungkol sa mga sensitibong serbisyo. Maaari mong hilingin sa aming makipag-ugnayan sa iyo sa isang partikular na paraan, sa pamamagitan ng paghiling ng mga kumpidensiyal na pakikipag-ugnayan.

Impormasyon Ninyo. Mga Karapatan Ninyo. Mga Responsibilidad Namin.

- Hindi namin iaatas sa iyong isuko ang iyong mga karapatang magpatala sa o masaklawan ng plano.

Kumuha ng listahan ng mga pinagbahaginan namin ng impormasyon

- Maaari kayong humingi ng listahan (accounting) ng mga pagkakataong ibinahagi namin ang inyong impormasyon sa kalusugan para sa anim na taonbago ang petsa ng paghingi ninyo, kanino namin ito ibinahagi, at bakit.
- Isasama namin ang lahat ng pagsisiwalat maliban ang tungkol sa mga paggamot, pagbabayad, at pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, at partikular na iba pang mga pagsisiwalat (tulad ng anumang hiningi ninyong gawin namin).
- Magbibigay kami ng isang listahan kada taon nang walang bayad ngunit maniningil ng makatwirang bayad batay sa nagastos sa paggawa ng kopya kung hihingi kayo ng isa pa sa loob ng 12 buwan.

Kumuha ng kopya ng paunawa tungkol sa pagkarpibado na ito

Maaari kayong humingi ng nakasulat sa papel na kopya ng paunawa na ito sa anumang oras, kahit pa sumang-ayon kayong tanggapin ang paunawa sa elektronikong paraan. Bibigyan namin agad kayo ng nakasulat sa papel na kopya.

Pumili ng isang taong kikilos para sa inyo

- Kung binigyan ninyo ang isang tao ng medical power of attorney o kung may isang tao na tumatayo bilang legal guardian ninyo, maaaring gamitin ng taong ito ang mga karapatan ninyo at gumawa ng mga desisyon tungkol sa inyong impormasyon sa kalusugan.
- Sisiguraduhin namin na hawak ng naturang tao ang kapangyarihang ito at maaaring kumilos para sa inyo bago kami gumawa ng anumang hakbang.

Maghain ng reklamo kung inaakala ninyong nalabag ang inyong mga karapatan

- Maaari kayong magreklamo kung inaakala ninyong nilabag namin ang inyong mga karapatan sa pamamagitan ng pagkontak sa amin gamit ang impormasyon sa pahina 5.

- Maaari kayong maghain ng reklamo sa U.S. Department of Health and Human Services Office for Civil Rights sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201, pagtawag sa **1(877) 696-6775**, o pagbisita sa **www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints/**.
- Hindi namin kayo gagantihan sa paghahain ng reklamo.

Mga Kagustuhan Ninyo

Para sa partikular na impormasyon sa kalusugan, maaari ninyong sabihin sa amin ang inyong mga kagustuhan tungkol sa ibinabahagi namin. Kung mayroon kayong partikular na kagustuhan sa kung paano namin ibinabahagi ang inyong impormasyon sa mga sitwasyong nakalarawan sa ibaba, kausapin ninyo kami. Sabihin ninyo sa amin kung ano ang gusto ninyong gawin namin, at susundin namin ang mga tagubilin ninyo.

Sa mga ganitong kaso, nasa inyo ang karapatan at desisyon na sabihin sa amin na:

- Bahagi ang impormasyon sa inyong pamilya, malalapit na kaibigan, o iba pang sangkot sa pagbabayad para sa inyong pangangalaga
- Bahagi ang impormasyon sa sitwasyon ng pagtulong sa panahon ng sakuna

Kung hindi ninyo masasabi sa amin ang inyong kagustuhan, halimbawa kung kayo ay walang malay, maaari kaming magpatuloy at ibahagi ang inyong impormasyon kung naniniwala kami na ito ay para sa inyong kapakanan. Maaari din naming ibahagi ang inyong impormasyon kapag kinakailangan upang mabawasan ang seryoso at napipintong panganib sa kalusugan o kaligtasan.

Sa mga ganitong kaso *hindi namin kailanman ibabahagi ang inyong impormasyon maliban kung bigyan ninyo kami ng nakasulat na permiso:*

- Mga layuning pagbebenta
- Pagtitinda sa inyong impormasyon (Gayunpaman, hindi kailanman ibebenta ng SFHP ang iyong impormasyon)

Impormasyon Ninyo. Mga Karapatan Ninyo. Mga Responsibilidad Namin.

Mga Paggamit at Pagsisiwalat Namin

Paano namin karaniwang ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan?

Karaniwan naming ginagamit o ibinabahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan sa mga sumusunod na paraan.

Tumulong na pamahalaan ang paggamot sa pangangalagang pangkalusugan na natatanggap ninyo

- Maaari naming gamitin ang inyong impormasyon sa kalusugan at ibahagi ito sa mga propesyonal na gumagamot sa inyo.

Halimbawa: Isang doktor ang magpapadala sa amin ng impormasyon tungkol sa inyong diagnosis at plano ng paggamot upang maayos namin ang mga karagdagang serbisyo.

Patakbuhan ang aming organisasyon

- Maaari naming gamitin at isiwalat ang inyong impormasyon upang patakbuhan ang aming organisasyon at kontakin kayo kapag kinakailangan.
- Hindi kami pinahihintulatang gamitin ang genetic na impormasyon upang magdesisyon kung bibigyan namin kayo ng coverage at ang presyo ng coverage na iyon. Ito ay hindi naaangkop sa mga plano ng matagalang pangangalaga.

Halimbawa: Ginagamit namin ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo upang gumawa ng mas mahuhusay na serbisyo para sa inyo.

Magbayad para sa inyong mga serbisyong pangkalusugan

- Maaari naming gamitin at isiwalat ang inyong impormasyon sa kalusugan kapag nagbabayad kami para sa inyong serbisyong pangkalusugan.

Halimbawa: Ibinabahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyo sa inyong plano sa ngipin upang ayusin ang pagbabayad para sa inyong mga serbisyo sa ngipin.

Pangasiwaan ang inyong plano

- Maaari naming isiwalat ang inyong impormasyon sa kalusugan sa inyong isponsor sa planong pangkalusugan para sa pangangasiwa sa plano.

Halimbawa: Mga employer at iba pang mga organisasyon na isponsor ng mga programang insurance sa kalusugan. Ini-isponsoran ng mga employer na ito ang kontrata sa SFHP upang pagkalooban kayo ng mga serbisyo at bayaran ang mga claim. Aabisuhan namin ang isponsor ng plano kung kayo ay nakatala sa, o naalis sa pagkakatala mula sa plano. Maaari din naming isiwalat ang inyong impormasyon sa kalusugan upang ma-audit ng isponsor ng plano ang pagganap ng SFHP. Sumasang-ayon ang isponsor na panatilihin kompidensiyal at ligtas ang inyong impormasyon sa kalusugan.

Paano pa namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon sa kalusugan?

Pinahihintulutan o inoobliga kami na ibahagi ang inyong impormasyon sa iba pang mga paraan—karaniwan sa mga paraang nakapag-aambag sa kapakanan ng publiko, tulad ng kalusugan ng publiko at pananaliksik. Kailangan naming matugunan ang maraming kondisyon sa batas bago namin maaaring ibahagi ang inyong impormasyon para sa mga layuning ito.

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang:

www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/index.html

Tumulong sa mga usapin tungkol sa kalusugan at kaligtasan ng publiko

Maaari naming ibahagi ang impormasyon tungkol sa inyo para sa mga partikular na sitwasyon tulad ng:

- Pag-iwas sa karamdaman
- Pagtulong sa mga pagbawi ng produkto
- Pag-uulat ng mga masasamang reaksiyon sa mga gamot
- Pag-uulat ng hinihinalang pang-aabuso, pagpapabaya, o karahasan sa tahanan
- Pagpigil o pagbawas sa seryosong panganib sa kalusugan o kaligtasan ng sinuman

Paggawa ng pananaliksik

- Maaari naming gamitin o ibahagi ang inyong impormasyon para sa pananaliksik sa kalusugan

Impormasyon Ninyo. Mga Karapatan Ninyo. Mga Responsibilidad Namin.

Pagsunod sa batas

Ibabahagi namin ang impormasyon tungkol sa inyo kung hihingin ito ng mga batas ng estado o pederal na pamahalaan, kabilang sa Departamento ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao kung gusto nitong makita na sumusunod kami sa pederal na batas sa pagkapribado.

- Pagtugon sa mga paghingi ng donasyon ng organ at tissue at makipagtulungan sa isang medical examiner o direktor ng punerarya
- Maaari din naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo sa mga organisasyong nangangalap ng organ.
- Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan sa isang coroner, medical examiner, o direktor ng punerarya kapag may namatay na indibidwal.

Pagtugon sa bayad pinsala sa mga manggagawa, pagpapatupad ng batas, at iba pang mga kahilingan ng pamahalaan

Maaari naming gamitin o ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo:

- Para sa mga claim ng bayad pinsala sa mga manggagawa
- Para sa mga layuning pagpapatupad ng batas o sa isang opisyal sa pagpapatupad ng batas
- Sa mga ahensiyang nagbabantay sa kalusugan para sa mga gawaing pinahihintulutan ng batas
- Para sa mga espesyal na tungkulin ng pamahalaan tulad ng militar, pambansang seguridad, at mga serbisyong pagprotekta sa presidente

Pagtugon sa mga demanda at legal na hakbang

Maaari naming ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa inyo bilang tugon sa isang utos ng korte o utos na administratibo, o bilang tugon sa isang subpoena.

Mga Responsibilidad Namin

- Inaatasan kami ng batas na panatilihin ang pagkapribado at seguridad ng inyong protektadong impormasyon sa kalusugan.
- Sasabihin namin kaagad sa inyo kung magkaroon ng paglabag na maaaring magkompromiso sa pagkapribado o seguridad ng inyong impormasyon.

- Kailangan naming sundin ang mga tungkulin at gawi sa pagkapribado na inilalarawan sa paunawang ito at bigyan kayo ng kopya nito.
- Hindi namin gagamitin o ibabahagi ang inyong impormasyon bukod sa inilalarawan dito maliban kung sasabihin ninyo sa pamamagitan ng sulat na puwede naming gawin ito. Kung sasabihin ninyong puwede naming gawin ito, maaari ninyong palitan ang inyong desisyon sa anumang oras. Sabihin ninyo sa amin sa pamamagitan ng sulat kung magbago ang inyong isip.

Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang:

www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/understanding/consumers/noticepp.html.

Mga Pagbabago sa mga Takda ng Paunawa na ito

Maaari naming baguhin ang mga takda ng paunawang ito, at ang mga pagbabago ay malalapat sa lahat ng impormasyon tungkol sa inyo na hawak namin. Ang bagong paunawa ay makukuha kapag hiningi, sa aming web site, at padadalhan namin kayo ng kopya sa koreo.

Kontakin ang SFHP sa:

San Francisco Health Plan

Attn: Officer, Regulatory Affairs and Compliance
P.O. Box 194247

San Francisco, CA 94119-4247

1(415) 547-7800

o toll-free sa **1(800) 288-5555**

Kontakin ang Kalihim ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao sa:

Secretary of Health and Human Services Office of Civil Rights

200 Independence Avenue, SW

Room 509F, HHH Building

Washington, D.C. 20201